

UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES

DILIMAN

QUEZON CITY

VOIP TRUNKLINE: 981-8500 LOCAL: 2558, 2556

DIRECT LINE: (632) 929-5401, (632) 927-1835

FAX: (632) 928-2863

E-MAIL: chancellor.updiliman@up.edu.ph

OFFICE OF THE CHANCELLOR

24 Enero 2020

MEMORANDUM BLG. MLT-20-048

Para Sa : UPD Bise-Tsanselor, Dekano, Direktor, Fakulti, at Kawani, Mga Tagapangulo ng Konseho ng mga Mag-aaral ng Unibersidad at Kolehiyo

Paksa : UP DILIMAN ARTS AND CULTURE FESTIVAL 2020
Makita Kang Sakdal Laya

Kaalinsabay ng komemorasyon ng ika-50 taong anibersaryo ng Sigwa ng Unang Kwarter o First Quarter Storm (FQS), ang Opisina ng Tsanselor, sa pamamagitan ng UPD Opisina ng Pagpapasimuno sa Kultura at mga Sining (UPD-OICA), ay bumuo ng mga gawaing may layunin na maimulat sa kasalukuyang mag-aaral ang kahalagahan ng FQS sa pamamagitan ng iba't ibang anyong sining. Ang mga gawain rin ay may layuning mapag-usapan ang kontribusyon ng aktibismo sa paglago ng makataong lipunang Filipino at maisakonteksto ang aral ng Sigwa ng Unang Kwarter sa kasalukuyang panahon.

Ngayong taon, ang tema ng **UP Diliman Arts and Culture Festival 2020** ay ***Makita Kang Sakdal Laya*** mula sa kundiman na "Bayan Ko", titik ni Jose Corazon de Jesus at komposisyon ni Constancio de Guzman. Itinanghal sa mga dulang tulad ng sarsuwela, naging bahagi ng pag-awit ng "Bayan Ko" ang pakikibaka laban sa kolonisasyon, kung kaya't itinuturing itong musika ng protesta at pakikibaka laban sa pang-aapi sa sambayanang Pilipino.

Ang mga gawain sa darating na Pebrero hanggang Abril ay libre at bukas ang imbitasyon para sa lahat.

FQS: Konsyertong Bayan sa Ika-50 Taon

7 Pebrero 2020 (Biyernes)

6:00 n.g.

AS Steps, Palma Hall

Isa sa mga gawain ng paggunita ay ang konsyertong pinamagatang *FQS: Konsyertong Bayan sa Ika-50 Taon* sa pangunguna ng UP Symphony Orchestra (UPSO), UPD-OICA at Surian ng Sining (SUSI). Sa panulat ni Bonifacio Ilagan, direksyon ni Chris Millado, at direksyon sa musika ni Prof. Josefino Toledo, ang pagtatanghal ay kabibilangan ng mga nangungunang koro sa bansa at Unibersidad ng Pilipinas Diliman – UP Singing Ambassadors, UP Staff Chorale, UP Cherubim and Seraphim, at AUIT Vocal Chamber Ensemble. Makakasama rin ang mga artista ng bayan mula sa Surian ng Sining, Inc. (SUSI) at Concerned Artists of the Philippines (CAP).

Ang programa ay naglalayon na mailahad ang mga naratibo hinggil sa pagkamit ng kalayaan at soberanya bilang bansa. Ang musika kasama ng mga

tula at dramatisasyon ay magpapanumbalik sa Sigwa na naging marka ng henerasyong may panata sa pagtataguyod at pagsisilbi para sa bayan.

Ang nasabing konsyerto ay gaganapin sa AS Steps at kalsada sa tapat ng Palma Hall. Kung babalikan ang kasaysayan ng lugar na ito, naging mahalaga ang espasyo ng loob at labas ng gusaling Palma sa pakikibaka ng mga estudyante at guro noong 70's.

NAGBABADYANG UNOS: Installation Art to Commemorate FQS ni Toym Imao

7 Pebrero - 23 Pebrero

6:00 n.g.

AS Steps, Palma Hall

Magkokomisyon installation art sa AS lobby ng Palma Hall, isa sa mga makasaysayang lugar sa UP Diliman lalo na noong panahon ng masidhing akitibismo ng mga estudyante at guro ng UP. Layunin ng installation art na mapukaw ang interes at damdamin ng mga mag-aaral na pag-aralan ang partikular na kasaysayan na ito ng Unibersidad, upang sa gayon ay patuloy na mapag-usapan, mapagnilayan, at maging bahagi ito ng kanilang sensibilidad at kamalayan bilang iskolar ng bayan. Malawak at malalim na ang pag-aaral at praxis ni Imao sa installation art, site-specific art, at assemblage na gumagamit ng mga makabuluhan na bagay sa kapaligiran, na isinasagawa niya bilang lunsuran ng diskurso ng kasaysayan ng sambayanan at adbokasiya sa hustisyang panlipunan.

HIMIGSIKAN: Mga Piling Kanta ng Dekada Sitenta

23 Pebrero 2020 (Linggo)

5:00 n.h.

UP Carillion Plaza

Itatampok ang iba't-ibang banda na tutugtog ng makabagong timpla at areglo ng mga awiting narinig noong 1970s. Muling manunumbalik ang diwa ng aktibismo at protesta sa pamamagitan ng konsyerto na bukas para sa lahat. Sa pakikipagtulungan sa SUSI, ang konsyerto ay naglalayon na magbigay-puwang sa iba't-ibang porma ng musikang popyular dahil itinuturing itong epektibong sandata ng pagmumulat ng sambayanan. Ang publiko ay hinihimok na dumalo sa libreng pagtatanghal.

10th Asian Regional Conference of the International Labor and Employment Relations Association (ILERA): "Workers Voice and Representation and Labor Activism in The First Quarter Storm (FQS) of 1970"

24 - 25 Pebrero (Lunes at Martes)

9:00 n.g. 5:30 n.h.

Venue: UP Film Institute | Bonifacio Hall, UP SOLAIR
(Kailangan magparehistro)

Para sa komemorasyon ng First Quarter Storm (FQS), Ang 10th Asian Regional Conference of the International Labor and Employment Relations Associations (ILERA) ay tatalakay sa mga isyu ng manggagawa mula sa representasyon ng aktibismo ng mga manggagawa noong 1970's. Ang

kumperensya ay pangangasiwaan ng School of Labor and Industrial Relations (SOLAIR) sa pamumuno ni Prof. Maragtas S.V. Amante at Dekana Ronahlee A. Asuncion. Mayroong photo eksibit na magtatampok ng iba't-ibang pananaliksik sa porma ng interbyu, larawan, naratibo mula sa mga karanasan ng UP fakulti, kawani, mag-aaral, at mga manggagawa noong '70s. Mayroon ring cultural night na gaganapin sa 24 Enero 2020.

Ang Kondisyon ng Manggagawang Pilipino: A Round Table Forum on Labor Militancy

28 Marso 2020 (Sabado)

9:00 n.u.- 4:00 n.h.

Bonifacio Hall, UP SOLAIR

Kaugnay ng 10th ILERA Asian Regional Conference, itatampok sa isang round table forum ang mga napapanahong isyu tungkol sa paggawa katulad ng "endo", kontraktwalisasyon, pagsasamantala, ang konsepto ng "freelance work" bilang anyo ng pang-aalipin, at iba pang mga kaugnay na isyu. Kabilang sa mga tagapagsalita ay si UP SOLAIR Professor Emeritus Dr. Rene E. Ofreneo.

PLARIDEL PROJECT

24 Abril 2020 | 7:00 n.g. (Byernes)

25 at 26 Abril 2020 | 3:00 n.h at 7:00 n.g. (Sabado at Linggo)

Main Hall Stage, UP Theater

Ipagdiriwang rin ang ika-170 taon ng pagsilang ni Marcelo Hilario del Pilar y Gatmaitan sa pamamagitan ng isang pagtatanghal. Kilala bilang Plaridel, ipinanganak siya noong 30 Agosto 1850. Ang pagtatanghal ay naka-ugat rin sa rebolusyon na sinimulan pa noong panahon ng pananakop ng mga Kastila. Bilang isang rebolusyonaryo at mamamahayag, aalingawngaw ang kanyang mga akda – *Caiigat Cayó (1888)*, *Dasalan at Tocsohan (1888)*, *Ang Cadaquilaan nang Dios (1888)*, *La Soberanía Monacal en Filipinas (1888)*, *Pasióng Dapat Ipag-alab nang Puso nang Tauong Babasa (1888)*, *La Frailocracia Filipina (1889)*, *Sagót ng España sa Hibíc ng Filipinas (1889)*, at *Dupluhan...Dalit...Mga Bugtong (1907)* – habang ginugunita ang *Sigwa ng Unang Kwartar*. Ang pagtatanghal ay naka-angkla sa *devised theatre* kung saan itinatampok ang diwa ng kolaborasyon mula sa mga kasapi ng pangkat artistiko at pamamahala, mula sa direksyon ni Prop. Josefina F. Estrella.

MGA INISYATIBA NG IBANG YUNIT AT MAG-AARAL

Ang iba't-ibang yunit at mga organisasyon ng estudyante sa UP Diliman ay hinihimok na magsagawa ng mga inisyatibong proyekto sa buwan ng Pebrero at Marso 2020 na tutugma sa tema na *Makita kang Sakdal Laya*. Ang mga proyekto na ito ay naka-angkla sa mga tema ng FQS tulad ng pakikisangkot sa mga isyu ng lipunan, karapatang pantao, ang rebalwasyon ng sining bilang instrument ng transpormasyon ng lipunan, ang malawakang pag-unawa sa kasaysayan ng pakikibaka ng mga Pilipino, at iba pa.

- Dulaang UP: ***Nana Rosa (Restaging)***
28 Pebrero-22 Marso
Wilfrido Ma. Guerrero Theater

- CAL Student Council: **ALPAS: Lumalaban, Lumalaya (CAL MONTH 2020)**
24 Pebrero- 30 Marso
Palma Hall at CAL Grounds
- UP Ibalon: "**Punla sa Tigaon**" Goes to UP Diliman
27- 28 Marso
Venue: TBA
- League of Filipino Students: **Diskurso at Aksyon: Sining Protesta sa Panahon ng Represyong Pasista**
4 Pebrero- 29 Mayo
Venue: TBA
- UP LIKAS: **BARIKADA: Isang Sampaksaang Paggunita sa Panahon ng Sigwa ng Unang Kwartar**
19 Pebrero
CSSP AVR
- OICA at Engineering Student Council: **SIGWA: Smoker Night 2020**
26 Pebrero
Melchor Hall Steps
- Alay Sining: **Noon at Ngayon: Likha ng Sigwa**
20 Pebrero – 14 Marso
Palma Hall Lobby, Palma Hall Rm 400, CMC TVUP Studio

Ang mga gawaing nabanggit ay maaaring maging bahagi ng academic field activities o development activities ng mga mag-aaral at kawani.

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa UPD-OICA sa pamamagitan ng kanilang telepono bilang 8981-8500 local 2659 o 2660, o magsend ng email sa oica.upd@up.edu.ph. Maaari ring bisitahin ang kanilang facebook page: [/updiliman.oica](https://www.facebook.com/updiliman.oica)



MICHAEL L. TAN, PhD
Tsanselor